Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Quarter 1 - Modyul 16
## Week 9: Mga Kautusan/Batas Tungkol sa Pangangalaga ng Hayop (Agrikultura)



Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Quarter 1 - Modyul 16: Mga Kautusan Tungkol sa Pangangalaga ng Pararamihing Hayop
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

| | |
|---|---|
| **Authors:** | Riahn Ray S. Agbayani |
| **Editor:** | Ronald I. Flores, HT-1 |
| **Reviewers:** | Fortunato R. Ocaya, Jr. – EPS, MTB-MLE<br>Susan C. Sabacajan<br>Rocelyn G. Garcesa |
| **Illustrator:** | Juniver Kris B. Jimeno |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso<br>Israel C. Adrigado |
| **Management Team:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>Schools Division Superintendent |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| Members: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Sarah Jane A. Valdez, EPS – EPP/TLE/TVL<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Zaldy G. Ampong, PSDS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Quarter 1 - Modyul 16
## Week 9: Mga Kautusan/Batas Tungkol sa Pangangalaga ng Hayop (Agrikultura)

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

Panimula

Ang Modyul na ito ay inilimbag upang maipa-abot sa mag-aaral ang mga kaalaman at kahalagahan ng mga kautusan o mga batas tungkol sa pangangalaga ng pararamihing hayop.

Layunin ng modyul na ito na pagkatapos ng aralin ay naiisa-isa ng mag-aaral ang mga kaalaman at kahalagahan ng mga kautusan o mga batas tungkol sa pangangalaga ng pararamihing hayop.

Ito ay binubuo ng iba't-ibang gawaing pagkatuto nang sa ganon ay mabigyan at maunawaan ng mag-aaral ang layunin ng modyul.

Inaasahan na basahin at unawain ang bawat panuto ng modyul na ito. Gawing kawili-wili ang pagsagot at bigyang halaga ang bawat impormasyon na matutunan sa modyul na ito.



***Mga tala para sa Guro***

Ang modyul na ito ay isang gawaing pang-indibidwal na nangangailangan ng kaukulang pansin, kaya dapat gabayan ang bawat mag-aaral na basahin, intindihin ang bawat panuto, at sagutin ang lahat ng mga gawaing pagkatuto upang mas lalong maintindihan at maunawan ang bawat layunin nito.



## *Alamin*

Mahalagang malaman ng bawat mamamayan ang mga kautusan/batas tungkol sa pangangalaga ng pararamihing hayop. Ito ay magbibigay gabay sa bawat isa upang magampanan ng tama ang pangangalaga at maprotektahan ng wasto ang mga inaalagaang hayop.

Layunin sa pagkatuto:


Naiisa-isa ang mga kautusan/batas tungkol sa pangangalaga ng pararamihing hayop.


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Piliin ang batas na tinutukoy sa tamang pangangalaga sa mga hayop.

1. Sa anong section ng batas RA 8485 ipinagbabawal ang pagmamaltrato sa mga hayop?
   a. Section 3
   b. Section 4
   c. Section 5
   d. Section 6

2. Mas kilala ang batas RA 8485 bilang _______.
   a. Dog Welfare Act
   b. Batas ng mga bata
   c. Animal Welfare Act
   d. Batas ng mga may sakit

3. Sinasabi ng batas RA 8485 section 6 na ______:
   a. Hindi maaaring mag-alaga ng hayop
   b. Parusahan ang walang alagang hayop
   c. Taasan ang piyansa ng lalabag sa batas
   d. Hindi maaring pagmalupitan ang mga hayop

4. Anong amyenda o pagbabagong itinakda ng RA 10631?
   a. Mas mababa na piyansa o parusa
   b. Mas mataas na piyansa o parusa
   c. Pagkakakulong lang ang parusa
   d. Walang parusa

5. Sa anong panukalang batas ang hayagang pagbabawal sa paggawa ng mga *crush video* tungkol sa mga hayop?
   a. Panukalang Batas 800
   b. Panukalang Batas 814
   c. Panukalang Batas 900
   d. Panukalang Batas 914

# Aralin 1 — Mga Kautusan/Batas Tungkol sa Pangangalaga ng Pararamihing Hayop

Malaki ang naitutulong ng mga hayop sa ating pang-araw-araw na gawain. Maituturing na rin silang bahagi na ng ating pamilya. Dahil dito, nararapat natin silang bigyang halaga at huwag sasaktan. Ang sinumang mahuhuling manakit o pumatay ng mga hayop ay mahaharap sa kaukulang parusa  ayon sa itinakda ng batas.



## *Balikan*

Panuto: Pag-aralan ang iskedyul sa ibaba at sagutin ang tanong.

| Mga Gawain | Lunes | Martes | Miyer-kules | Huwe-bes | Biyer-nes | Sabado | Linggo |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagpapakain ng alagang hayop | / | / | / | / | / | / | / |
| Paglilinis ng kulungan | / | | / | | / | | / |
| Paghahanap ng makakain ng alaga | | / | | | | / | |

1. Ilang beses sa isang linggo ginagawa ang paglilinis ng kulungan? __________
2. Anong araw ginagawa ang paghahanap ng pagkain para sa alaga? __________
3. Sa anong araw dapat pinapakain ang alagang hayop? __________



## *Tuklasin*

Basahing mabuti ang balita.

Kumalat sa *social media* ang *CCTV footage* ng pahampas ng isang lalaki sa isang pusa na ikinamatay nito. Sa kuha ng *CCTV* ay itinuro ng kasama niyang si Wesley Torres ang pusang tahimik na nakaupo malapit sa tinatambayan ng grupo. Kinundena ng PAWS ang pagpatay sa pusa. Sasampahan ang video uploader ng reklamong paglabag sa "Animal Welfare Act" si Ramon Renoria at ang mga kasama nito.

Sagutin ang mga tanong.

1. Tungkol saan ang balita?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Anong batas ang nilabag nina Ramon Renoria at mga kasamahan nito?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Upang lubos na maunawaan ang sinasabi ng balita, basahin ang kasunod na pahina tungkol sa mga batas na nangangalaga sa kapakanan ng mga hayop.

***Mga batas na nangangalaga sa kapakanan ng mga hayop.***

**1. Republic Act No. 8485**

Ito ay mas kilala bilang *Animal Welfare Act*, ang unang batas na komprehensibong pagtakda sa tama at makataong pangangalaga ng mga mamamayan sa lahat ng hayop sa bansa. Binuo ang batas na ito ng *Committee on Animal Welfare* na siyang namumuno sa pagpapatupad ng batas.

**2. Section 6 ng Batas RA 8485**

Ipinagbabawal ng batas na ito ang pagmamalupit sa mga hayop. Nakasaad din dito ang pagbabawal sa pagpatay ng hayop maliban kung ito ay kinakain. Isang paglabag sa batas ang pagpatay sa mga hayop maliban na lamang kung ito ay dahil sa ritwal ng isang relihiyon.

Itinuturing na *isang landmark law* ang *Animal Welfare Act* dahil ito ang unang kumilala ng paglabag sa batas ukol sa pagmamalupit sa mga hayop.

**3. Republic Act No. 10631**

Ito ang batas na nag-amyenda ng seksyon ng Republic Act No. 8485 o "Animal Welfare Act" na mas kilala sa tawag "The Animal Welfare Act of 1998".

Ito ay isinabatas noong 2013, at pirmado ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III. Ilan sa mga amyenda o pagbabagong itinakda ng RA 10631 ay ang mas mataas na piyansa o parusa kapag napatunayan ang paglabag sa *Animal Welfare Act*. Itinaas ng RA 10631 ang multa sa paglabag sa batas, mula sa dating Php 1,000.00 hanggang Php 5,000.00, ginawa itong Php 50,000.00 hanggang Php100,000.00

**4. Panukalang Batas: House Bill 914**

Taon ng Panukala: 2013, Ang panukalang ito ang unang hayagang pagbabawal sa paggawa ng *crush video* at ang pamamahagi nito sa anumang *medium* na maaaring gamitin.

Nakasaad sa panukala na ang magiging parusa sa paglabag nito ay ang pagkakulong tatlo hanggang pitong taon o kaya ay piyansang mula Php 100,000.00 hanggang Php 300,000.00.



## *Suriin*

Panuto: Isulat sa patlang kung anong batas ang isinasaad ng mga sumusunod. Piliin sa mga kahong nasa ibaba ang wastong sagot.

| Republic Act No. 8485 | Republic Act No.10631 |
|---|---|

| Panukalang Batas: House Bill 914 |
|---|

1.____________________

Kilala bilang Animal Welfare Act, ang unang batas na komprehensibong pagtakda sa tama at makataong pangangalaga ng mamamayan sa lahat ng hayop sa bansa.

2.____________________

Ang panukalang ito ay ang unang hayagang pagbabawal sa paggawa ng mga crush video at ang pamamahagi nito sa anumang medium na maaaring gamitin.

Nakasaad sa panukala na ang magiging parusa sa paglabag nito ay ang pagkakakulong ng tatlo hanggang pitong taon o kaya ay piyansang mula Php 100,000.00 hanggang Php 300,000.00

3.____________________

Ang batas na nag-amyenda ng seksyon ng Republic Act No. 8485 o mas kilalang "Animal Welfare Act" kung saan ang dating multang Php 1,000.00 hanggang Php 5,000.00, ginawa itong Php 50,000.00 hanggang Php 100,000.00



## *Pagyamanin*

Panuto: Tukuyin kung anong uri ng batas ang mga sumusunod at ibigay ang kaakibat na kaparusuhan sa sinumang makakalabag nito.

Republic Act No. 10631

| Batas | Parusa |
|---|---|
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |

Republic Act No.10631

| Batas | Parusa |
|---|---|
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |

Panukalang Batas: House Bill 914

| Batas | Parusa |
|---|---|
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |

## *Isaisip*

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod.

1. Ano ano ang mga batas o kautusan tungkol sa pangangalaga ng hayop?


   a. ______________________________________________________
   b. ______________________________________________________
   c. ______________________________________________________

2. Bakit kailangang sundin ng bawat mamamayan ang mga batas o kautusan tungkol sa pangangalaga ng pagpaparamihing hayop.

   __________________________________________________________
   __________________________________________________________
   __________________________________________________________
   __________________________________________________________
   __________________________________________________________

3. Bilang isang estudyante, papaano mo magagampanan ang pagsunod sa batas o kautusan tungkol sa pangangalaga ng pagpaparamihing hayop.

   __________________________________________________________
   __________________________________________________________
   __________________________________________________________
   __________________________________________________________
   __________________________________________________________



## ***Isagawa***

Pagtambalin ang hanay A at hanay B. Isulat ang titik sa patlang.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| _____1.RA 10631 | *a.* Kilala bilang *Animal Welfare Act* |
| _____2.House Bill 914 | a. Namumuno sa pagpapatupad ng batas |
| _____3. Section 6 | b. Mas kilala bilang "Animal Welfare Act of 1998" |
| _____4. RA 8485 | d. Pagbabawal sa paggawa ng *crush video* |
| _____5. *Committee on Animal Welfare* | e. Ipinagbabawal ang pagmamalupit sa mga hayop |



## *Tayahin*

**Panuto:** Magbigay ng mga batas tungkol sa pangangalaga ng mga hayop.

1. ______________________________

2. ______________________________

3. ______________________________



## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at ibigay ang tamang sagot.

__________1. Sa anong seksiyon ng batas RA 8485 ipinagbabawal ang pagmamaltrato sa mga hayop?

__________2. Kilala bilang *Animal Welfare Act*.

__________3. Section ng batas RA 8485 na nagbabawal ng pagmamalupit sa mga hayop.

__________4. Batas na nag-amyenda ng mas mataas na piyansa o parusa kapag napatunayang nakalabag sa *Animal Welfare Act*.

__________5. Ang panukalang ito ay ang pagbabawal sa paggawa ng mga *crush video*.

## *Answer Key*

| Karagdagang Gawain | Isagawa | Subukin |
|---|---|---|
| 1. Section 6 | 1.c | 1. d |
| 2. RA 8485 | 2. d | 2. c |
| 3. Section 6 | 3. e | 3. d |
| 4. RA 10631 | 4. a | 4. b |
| 5. House Bill 914 | 5. b | 5. d |

## *Sanggunian:*

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan IV-Kagamitan ng Mag-aaral. Vibal, Inc. pp. 446-450

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan IV-Gabay sa Pagtuturo.Vibal, Inc. pp. 205-207

Department of Education. Most Essential Learning Competencies (MELC) 2020

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615